



Opisina ng Mayor Tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on **Disability**)

London N. Breed
Mayor

Nicole Bohn
Direktor

Mga Serbisyo at Hayop pangsuporta Maikling Paliwanag

Ang mga indibidwal na may mga kapansanan na gumagamit ng **serbisyo AT/O suportang hayop** ay pinahihintulutan ng pantay na pag-akses sa lahat ng mga programa, pasilidad, serbisyo, at aktibidad ng Lungsod.

Ano ang pangserbisyong hayop (service animal)?

Ayon sa ADA, ito ay anumang aso o sa ilang kaso, isang maliit na kabayo, na isahang sinanay para magsilbi para sa partikular na taong may pisikal, pandama, psychiatric, o iba pang kapansanan.

Ano ang pangsuportang Hayop (Support Animal)?

Ang pangsuportang hayop ay anumang uring (species) mga hayop na hindi sinanay para sa isang partikular na gawain, ngunit ang kanilang presensiya ay nakatutulong sa taong may

mga kapansanang psychological. Nakatutulong sila sa pamamagitan ng pagbawas sa mga sintomas ng labis na kalungkutan (depression), pagkabahala (anxiety), tensyon (stress), at mga kahirapan sa pakikitungo at interaksyon sa ibang tao.

Kailangan ko ba ng service tag para sa aking hayop?

Hindi rekisitong legal na ikaw ay maglagay ng service tag para sa iyong hayop. May mga taong mas madaling nakapapasok sa mga gusali at nakakukuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng California assistance tag mula sa Animal Care and Control na available lamang para sa mga aso pangserbisyo/suporta. Gayunman, maaari kang matanong ng dalawang katanungang ito kapag nasa pampublikong lugar:

- *Kailangan ba itong hayop dahil sa isang kapansanan?*
- *Paano ito nakatutulong sa iyo?*

Ano ang aking mga responsibilidad para sa aking hayop na pangserbisyo o suporta?

- Ang mga hayop pangserbisyo at suporta ay dapat nakatuon sa pagtulong sa indibiduwal at **hindi nagiging abala o banta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko**. Ang ibig sabihin nito ay kung ikaw ay may aso, dapat mong tiyakin na ito ay updated sa kanyang mga bakuna at mentinado mo ang kanyang rabies tag.

- Ang iyong hayop pangserbisyo at suporta ay kinakailangang nasa iyong kontrol sa lahat ng sandali at napapanatiling maamo sa harap ng mga tao. Sumangguni lamang po sa kalakip na Service and Support Animal Behavior Guidelines.

Ako ba ay pinahihintulutang maisama ang aking hayop pangserbisyo/suporta sa aking tahanan na nasa gusaling ipinagbabawal ang anumang alagang hayop (“no pets” building)?

- Oo, ikaw ay pinahihintulutan! Ang Fair Housing Act ay nagpapahintulot sa inyo na magkaroon ng ganitong hayop sa iyong tahanan bilang isang makatwirang akomodasyon (“**reasonable accommodation**”) sa iyong kapansanan.
- Dapat mong ipaalam sa iyong landlord (may-ari) ang tungkol sa kahilingang ito at ikaw ay maaaring hingian at magsumite ng sulat mula sa isang medical professional na nagpapatunay na ikaw ay may kapansanan.
- Ang iyong landlord (may-ari) ay maaari ring humingi ng katibayan ng pinakahuling rekord ng bakuna ng inyong hayop at hilingin kang pumirma sa isang kasunduan tungkol sa pag-ako ng buong responsibilidad para sa pagkilos nito sa gusali.

Saan ako pinahihintulutang dalhin ang aking hayop pang serbisyo/suporta?

- **Mga Pangserbisyong Hayop LAMANG** ayon sa batas ng pederal ay pinahihintulutan sa anumang pampubliko at pribadong lugar.
- Lahat na hayop pangserbisyo **AT** suporta ay tinatanggap sa anumang gusali, programa, o ahensiya ng Lungsod at County ng San Francisco at mga kontratista nito.
- Kaugnay ng mga pribadong negosyo o lugar na nagbebenta o naghahanda ng pagkain, ang batas ng estado ay hindi malinaw; maaari kang tanggihang makapasok kung ikaw ay may kasamang hayop pagsuporta.

Sino ang maaari kong kontakin kung ako ay tinanggihang makapasok dahil kasama ko ang aking hayop na pangserbisyo/suporta?

- Kung ikaw ay tinanggihang makapasok sa isang gusali, pasilidad o programa ng Lungsod, kontakin at tawagan lamang po kami sa (415) 554-6789 o mag-email lamang po sa MOD@sfgov.org
- Kung ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon sa isang pribadong negosyo o restoran, kontakin at tawagan lamang po ang **Human Rights Commission** sa **(415) 252-2500** o ang **California Department of Fair Employment and Housing** sa **(800) 884-1684**.